California
Secretary of State

# Buod na Impormasyon para sa Primaryang Halalan sa Hunyo 2, 2026

**Mahahalagang Deadline:**

Huling araw para sa mga county para magsimulang magpadala ng mga balota sa koreo ........ Mayo 4
Huling araw para magparehistro upang bumoto........ Mayo 18
Pagpaparehistro ng botante na may kondisyon........ Mayo 19 - Hunyo 2
Dapat isauli ang lahat ng balota*........ Hunyo 2

*Ang lahat ng balota na isinauli sa pamamagitan ng koreo ay dapat maselyuhan sa o bago ang Hunyo 2 at matanggap ng mga tanggapan ng halalan ng county nang hindi lalampas sa Hunyo 9.

**Paano ako magpaparehistro para bumoto?**

Magparehistro upang bumoto o i-update ang iyong pagpaparehistro online sa registertovote.ca.gov. Kung nais mong punan ang pisikal na form, makakahanap ng mga aplikasyon para sa pagpaparehistro ng botante sa mga post office, tanggapan ng halalan ng county, at aklatan.

**Paano kung hindi ako umabot sa deadline sa pagpaparehistro ng botante?**

Kung hindi mo maaabutan ang deadline ng pagpaparehistro upang bumoto, maaari ka pa ring pumunta sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county, sentro ng pagboto, o lugar ng botohan sa o bago ang Araw ng Halalan upang kumpletuhin ang pagpaparehistro ng botante na may kondisyon (madalas na tinatawag na "Pagpaparehistro ng Botante sa Parehong Araw"). Makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county para sa higit pang impormasyon o bisitahin ang vote.ca.gov.

**Paano kung kailangan kong suriin ang aking voter registration status?**

Para tingnan ang iyong status ng pagpaparehistro ng botante, puwede mong gamitin ang tool na Status Ko Bilang Botante sa voterstatus.sos.ca.gov.

**Kailan ko matatanggap ang aking balota?**

Ang lahat ng aktibong rehistradong botante ay papadalhan sa koreo ng isang balota para sa Hunyo 2, 2026 na Primaryang Halalan. Ang Mayo 4, 2026 ay ang huling araw para magsimulang magpadala ng mga balota sa koreo ang mga county.

**Kailan ko matatanggap ang aking Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado?**

Ang mga rehistradong botante ay makakatanggap ng kanilang Opisyal na Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng Estado ilang linggo bago ang Araw ng Halalan. Magiging available din ito online sa voterguide.sos.ca.gov.

**Paano kung kailangan ko ng pamalit na balota?**

Kung hindi mo natanggap ang iyong balota sa koreo, o kung nawala o nasira ang iyong orihinal na balota, maaari kang mag-apply para sa kapalit na balota. Ang aplikasyon para sa kapalit na balota ay makikita sa https://elections.cdn.sos.ca.gov/vote-by-mail/pdf/replacement-application.pdf.

Maaari ka ring humiling ng kapalit na balota mula sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county sa pamamagitan ng telepono, email, fax, o iba pang electronic na paraan.

**Paano ko maibabalik ang balota ko?**

Maaari mong ibalik ang iyong balota sa mga sumusunod na paraan:

- **Sa pamamagitan ng drop box**: Maaari mong personal na ihatid ang iyong balota sa alinmang lugar ng botohan o lokasyon ng paghuhulugan ng balota (drop-off location) sa California hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.
- **Sa personal**: Ang mga lugar ng botohan ay itinatalaga ng mga opisyal ng halalan ng county at bukas mula **7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan, Martes, Hunyo 2, 2026**. Upang makahanap ng lokasyon para bumoto nang mas maaga bago ang Araw ng Halalan, bisitahin ang *caearlyvoting.sos.ca.gov.*
- **Sa pamamagitan ng koreo**: Ibalik ang iyong balota sa koreo sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap. Ang mga balotang ipinapadala sa pamamagitan ng koreo ay dapat maselyuhan sa o bago ang Araw ng Halalan at matanggap nang hindi lalampas sa 7 araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Para tiyaking naselyuhan ang iyong balota bago lumipas ang Araw ng Halalan, tiyaking ipadala ito nang hindi bababa sa limang araw bago ang Araw ng Halalan, Hunyo 2, 2026 Kung ipapadala sa Araw ng Halalan, kumuha ng manual na postmark mula sa empleyado ng post office sa loob ng isang United States Post Office.

**Paano ko mahahanap ang aking pinakamalapit na drop box, lugar ng botohan, o sentro ng pagboto?**

- Bisitahin ang caearlyvoting.sos.ca.gov para mahanap ang pinakamalapit na lokasyon ng drop box, lugar ng botohan, o lokasyon ng sentro ng pagboto.
- Makipag-ugnayan sa iyong tanggapan ng mga halalan ng county.

**Paano ko matutunton ang aking balota upang malaman kung ito ay natanggap at nabilang?**

Maaaring makatanggap ang mga botante ng abiso tungkol sa status ng kanilang isinauling balota sa pamamagitan ng pag-sign up sa tool na "*Where's My Ballot?*".

Mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov upang makatanggap ng mga awtomatikong update sa pamamagitan ng text message (SMS), email, o voice call.

Maaari ka ring pumunta sa voterstatus.sos.ca.gov upang malaman kung nabilang ang iyong boto.

VOTE CALIFORNIA
SECRETARY OF STATE

**Para sa karagdagang impormasyon at mahahalagang deadline para sa Primaryang Halalan sa Hunyo 2, 2026, bisitahin ang vote.ca.gov o tawagan ang aming Hotline ng Botante sa (800) 339-2957.**

CALIFORNIA TRUSTED INFO
Tagalog
Na-update noong 02/2026